

Jewish Family Service

LIVE WELL SAN DIEGO

COUNTY OF SAN DIEGO HHSA HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

# Recovery Action Fund for Tomorrow (RAFT)

**JEWISH FAMILY SERVICE OF SAN DIEGO**

Magbibigay ang RAFT ng mga one-time na pamamahagi ng cash sa mga pamilya at senior na nagkakahalaga ng $4,000 para matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa mga flexible na pondo, maikonekta ang mga kalahok sa mga resource na makakatulong para ma-maximize ang pagtanggap sa mga pondong ito, at masuportahan sila sa pagpaplano ng kanilang hinaharap. Isasapriyoridad ang mga pamilya at senior na nanganganib na mawalan ng tirahan. Paglilingkuran ng programa ang 39 na Health Equity Zip Code ng County ng San Diego, at susuportahan nito ang mga residenteng kumikita ng 200% o mas mababa pa sa Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level o FPL).

## Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado ng Kalahok

- Mga pamilyang may mga anak na wala pang 18 taong gulang
- Mga senior (edad 55 pataas)
- Ang mga pamilyang nag-aalaga ng dependent o may kapansanang nasa hustong gulang ay puwede ring mag-apply
- Ang tatanggap ay dapat nasa 18 taong gulang pataas na
- Kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ($60,000 kada taon para sa isang pamilyang may 4 na miyembro)
- Residente ng County ng San Diego mula sa 39 na Health Equity ZIP code na malubhang naapektuhan ng COVID-19

| LAKI NG SAMBAHAYAN | 200% FPL | 100% FPL | KWALIPIKADO? |
|---|---|---|---|
| 1 | $29,160 | $14,580 | ✓ |
| 2 | $39,440 | $19,720 | ✓ |
| 3 | $49,720 | $24,860 | ✓ |
| 4 | $60,000 | $30,000 | ✓ |
| 5 | $70,280 | $35,140 | ✓ |
| 6 | $80,560 | $40,280 | ✓ |
| 7 | $90,840 | $45,420 | ✓ |
| 8 | $101,120 | $50,560 | ✓ |

**Mangyaring sumangguni sa chart sa itaas. Para sa mga sambahayang binubuo ng mahigit sa 8 tao, magdagdag ng $5,140 para sa bawat karagdagang tao sa taunang kita para sa 100% ng FPL.**

**Magbubukas ang Aplikasyon sa** Mayo 8, 2023

## May Mga Tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa Economic Mobility and Opportunity
Email: guaranteedincome@jfssd.org | Telepono: (858) 637-7350
www.jfssd.org/economicmobility

***Ang mga kalahok sa pilot na programa na makakatugon sa pamantayan sa pagiging kwalipikado ay pipiliin sa pamamagitan ng lottery. Inaatasan ang lahat ng mga kalahok na magsumite ng aplikasyon, kahit na dati na silang sumali sa isang listahan ng interesado. Limitado ang pagpopondo at sa kasalukuyang pagpopondo, matutulungan ng programa ang 2,250 na sambahayan.

**Available ang aplikasyon online**